# PAGTUTURO NG ARALING PANLIPUNAN SA PANAHON NG PANDEMYA

*by:*
**Leah D. Marcelo**
*Teacher I, Luakan National High School - Annex*

Matagal nang bukambibig ng mga dalubhasa ang taglay na kapangyarihan ng salita at pagsulat bilang sandatang ginagamit sa patuloy na pagsulong ng mundo. Sa ibayo ng halaga na taglay ng pagsulat at pagbasa ay matatagpuan ang makabuluhang katangian ng mga pangungusap, talata o artikulo na nararapat nilang taglayin. Ang kasabihang "The pen is mightier than the sword" ay naghihinuha rin na mayroong malaking impluwensiya ang salita sa kung sino mang makababasa nito; kung kaya't ang pagsulat ay isang daluyan lamang ng pagpakatuto. Ang katuturan ay nararapat hanapin sa tinataglay na mensahe ng mga pinagsama-samang salita dahil ito ang siyang makapagpapabago ng isip ng nagbabasa.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Katuwang ang Department of Education sa pag-abot ng mithiin ng K-12 Kurikulum ng Araling Panlipunan sa paghubog ng mamamayang mapanuri, mapagmuni, mapanagutan, produktibo, makakalikasan, makabansa at makatao na may pambansa at pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa mga usaping pangkasaysayan at panlipunan (DepEd, 2016); subalit naging mahirap ang pagkamit ng tunguhing ito nang pinsalain ng pandemyang COVID — 19 ang bansa. Ayon kay Yang at Beam noong 2021, bilang tugon sa pagsalakay ng pandemya, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpatupad ng mga pamamaraan upang masolusyonan ang hamon ng distansiyang ikinakaharap ng mga paaralan. Gayunpaman, ang alternatibong pagpakatuto ng mga mag-aaral ay hindi ligtas sa mga suliraning nagbunga mula rito. Buhat ng hamong dala ng distance learning, nagkaroon ng hindi pantay na access sa mga kagamitang pampagkatuto na nagresulta naman sa mahinang akademikong aktibidad ng mga mahihirap na mag-aaral. Bukod sa naturang hamon ng paghatid ng modules, e-

modules at online classes, isang usapin din ang katanungang — "Gaano kaepektibo ang ganitong paraan ng pag-aaral sa pagpakatuto ng mga mag-aaral?"

Ang Araling Panlipunan ay isang asignaturang hindi naiiba sa komposisyon ng Matematika, Agham, English, at Filipino sa kadahilanang ang pag-aaral nito ay nangangailangan din ng pag-aanalisa at kritikal na pagsusuri upang lubos na maunawaan ang nilalaman nito. Bukod pa rito, ang Araling Panlipunan ay nagsisilbing pinagmumulan ng moralidad at asal bilang reperensiya sa kasaysayan na itinuturo nito. Ang pinakamahalagang mensahe ng Araling Panlipunan ay hindi matatagpuan sa madaliang pangangabisado ng mga datos at petsa na taglay nito kung hindi ang matalinuhang pag-iisip ng konklusyon sa kung paanong ang ating kasalukuyan ay akumulasyon ng ating mga kahapon. Subalit, buhat ng pandemya, mahirap maipabatid ang mensaheng ito sa mga mag-aaral; natutuhan ang Araling Panlipunan sa pagsasaulo at hindi sa pag-uunawa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Tanungin ang kahit sinong Pilipino ay batid nilang sinakop tayo ng mga Espafiol nang 333 taon; na ang kronolohikong pagkakasunud-sunod ng kolonisasyon sa Pilipinas ay nagmula sa mga Espaöol, kasunod ng mga Amerikano hanggang sa mga Hapon. Gaya ng pagkatuto sa elementaryang pagbibilang sa Matematika, ang Araling Panlipunan ay mayroon ding mga saligang kaalaman na nararapat batid ng bawat Pilipino. Noong Abril 2022, sumuiong ang usapin mula sa sikat na variety show, Pinoy Big Brother (PBB) matapos hindi masagot ng ilang kalahok ang isang simpleng tanong ukol sa kolektibong pangalan ng tatlong paring Pilipino — Sina Mariano Gomez, Jose Burgos at Jacinto Zamora — na binitay noong 1872 matapos akusahan ng sedisyon at pagtataksil sa mga awtoridad ng Espanya. Sa halip na GomBurZa, ang naisagot ng mga kalahok ay "MaJoHa" kung kaya't naging mainit na usapin ito. Kung kaya't ang saad ng Teacher's Dignity Coalition (TDC), mayroong kagyat na pangangailangan na pagbutihin ang pagtuturo ng kasaysayan ng bansa sa mga high school students.

Ang pandemya ay ibayong binago ang paraan ng pagturo at pagtuto sa paaralan. Malaki at masyadong mahaba ang panahong ginugol sa 100b ng dalawang taon bago napagdesisyonang buksan muli ang mga paaralan; ngunit hindi agarang babalik ang siyang napagtantong karaniwan bago pa nagsimula ang pandemya. Nasa punto ang edukasyon — parehong mga guro at mga mag-aaral — ng yugto ng pagbabago, kung saan nagbukas muli ng panibagong hamong haharapin, kung paano makasasabay ang napag-iwanang estudyante sa bilis ng paaralan. Datapwat, ngayong ibinalik na ang harapang pagtuturo, sisiguraduhing hindi madadaliin ng asignaturang Araling Panlipunan ang paghahatid nito ng aral at mensahe. Napakalakas ng impluwensiya ng salita at pagsulat, ngunit ang nilalaman nito ang siyang nararapat talakaying mabuti, upang makapaghulma ng mga Pilipinong edukado, makabayan, makatao, at mapanuri sa mga usaping panlipunang kanilang hinaharap.

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Yang, D., & Beam, E. (2021). Bridging the leaming gaps in the time of COVID: Exploring Teaching at the Right Level with the Philippine Department of Education. Poverty Action Lab. Retrieved September 10, 2022, from https://www.povertyactionlab.org/initiativeproject/bridaing-learning-gaps-time-covid-exploring-teaching-right-level-philippine

Malipot, M. (2022, April 16). To avoid another 'MaJoHa' issue, teachers urge DepEd to restore PH History in HS. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2022/04/16/to-avoid-anothermaioha-issue-teachers-urge-deped-to-restore-ph-history-in-hs/